ANO ANG KAHALAGAHAN NG ASEAN SA ATIN?

1. Sa Ekonomiya (Economy)

Maraming nabuksang oportunidad sa ating mga Pilipino sa pamamagitan ng mga kasunduang pangkomersyo, lalo na sa mga *Small and Medium Enterprises* (SMEs).

Naging mas madali ang pakikipag-transaksyon at pakikipagkalakalan sa mga miyembro ng ASEAN. Kasama na dito ang mas mabilis na pagproseso ng trabaho para sa mga propesyunal, pati na rin ang pagbyahe sa mga bansa sa ASEAN sa pamamagitan ng *mutual arrangements*.

2. Sa Pampulitikal na Seguridad (Political Security)

Bunga ng kasunduan sa pagitan ng mga miyembro ng ASEAN, ang mga hidwaan ng mga bansa sa rehiyon ay nareresolba sa mapayapang paraan. Nagkakaisa ang mga kasaping bansa sa paglaban sa iligal na droga, pati na rin sa mga *transnational crimes* at terorismo.

3. Sa Sosyo-Kultural (Socio-Cultural)

Nagtutulungan ang mga kasaping bansa sa pagprotekta sa karapatang pantao, lalo na ng mga kababaihan, nakatatanda at may kapansanan.

Magkabalikat din ang mga ito pagdating sa *disaster resiliency,* gayundin sa paglaban sa paglaganap ng mga nakakahawang sakit.

Sa larangan ng edukasyon, mas napadali ang proseso ng pag-aaral sa mga unibersidad sa mga bansa sa ASEAN - mas pinadali ang mga patakaran para sa *exchange student programs.*

Makiisa sa ASEAN !

Dito sa Metro Manila, magtulungan tayo sa pagpapanatili ng kaayusan at kalinisan, lalo na sa maayos na pagpapatupad ng batas trapiko sa ating mga komunidad at lungsod.

DILG

NATIONAL CAPITAL REGION

/dilgncr /DILG_NCR ncr.dilg.gov.ph

ONE VISION
ONE IDENTITY
ONE COMMUNITY

asean

ASEAN

Association of Southeast Asian Nations

Ang ASEAN ay isang kapulungan ng sampung (10) bansa sa Timog Silangan ng Asya na naglalayong itaguyod ang Seguridad Pampulitika (Political Security), Ekonomiya (Economy),at Sosyo-Kultural (Socio-Cultural) na pagkakakilanlan ng rehiyon.

Prayoridad ng ASEAN na itaguyod ang kagalingan ng bawat miyembro sa pamamagitan ng pagkakaroon ng iisang pagkakakilanlan at makabuo ng isang mapagkalingang komunidad na nangangalaga sa karapatang pantao ng bawat mamamayan.



Adhikain ng ASEAN na pataasin ang ekonomiya ng rehiyon sa pamamagitan ng pagpapalakas ng komersyo, pagpapaigting ng pamumuhunan, at paglikha ng mga trabaho.

Layunin din nito na panatilihin ang kapayapaan sa rehiyon sa pamamagitan ng paggamit ng mapayapang paraan sa pagresolba ng hindi pagkakaunawaan sa mga bansang kasapi.

ASEAN 50
PHILIPPINES 2017
PARTNERING FOR CHANGE, ENGAGING THE WORLD

Ngayong taon, ipinagdiriwang ang ika-50 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng ASEAN, at napiling maging *host country* ang Pilipinas. Si Pangulong Rodrigo Duterte ang naatasang mamuno sa mga aktibidad ng ASEAN ngayong 2017.

Nagsimula na ang mga pagpupulong ng ASEAN noong Enero, na ginanap sa iba't-ibang probinsya ng bansa. Nakatakdang idaos sa Metro Manila ang **30th ASEAN Summit and Related Meetings** sa Abril 26-29, habang gaganapin naman sa Subic ang isa pang pagpupulong ng mga pinuno ng mga bansang kasapi sa ASEAN.